# 'Sang buhay: kuwento ng isang Lasallian Volunteer

**Frances Santiago**

**H**indi ko ninais na maging boluntir. Dati simple lang ang aking pangarap--simpleng mansyon, simpleng kotse, simpleng mataas na sweldo, simpleng mataas na posisyon. Ewan ko ba kung ano na lang at nag-ibang bigla ang aking landas. Naging *"the path of most resistance",* kumbaga.

**S**iguro nagsimula iyon nung nasa kolehiyo ako at nahatak ng kabarkada na sumama sa mga estudyanteng nagso-*social action*. *Sophomore* ako noon nang nakatikim ako ng pag-'serbisyo' sa mga Aeta. Serbisyo kuno, dahil ang pakay ko lang ay ang maglakwatsa at malaman kung ang Aeta nga ba ay nakabahag pa at nagpupugot talaga ng ulo. Noong nandoon na ako't kasama ng mga katutubo, tumambad sa akin ang katotohanan. Hindi pala sila nagpupugot ng ulo. Ibang tribo pala iyon. Ngunit ang nabagong kaalamang iyon ay hindi lamang ang aking naiuwi. Sa wari ko, pagbalik ko sa Maynila, ibang tao na ako. Hindi na ako puwedeng magpikit-pikitan na lamang sa kahirapan at kaibahan ng mga taong kaparte ko rin sa mundo.

**P**agkatapos ng graduation, sumali ako sa *Lasallian Volunteer Program.* Kasama ako sa *Batch 3*--labintatlong bagong gradweyt na galing sa iba't ibang rehiyon, iba't ibang kurso at iba't ibang institusyon ng La Salle. Masayang malaman na marami pala kaming iisa ang puso't isipan bagamat iba-iba ang aming pinanggalingan. Sa buong grupo, tatlo kaming ipinadala sa Mindanao. Hanggang ngayon--sa lawak, sa lalim, sa yaman ng naranasan ko roon--hindi ko yata maikukwento nang buo ang nagawa para sa akin ng dalawang taon na ako'y naging boluntir.

**S**iguro sa maikling salita, doon ko talaga nakilala ang kahirapan--doon ko siya nahawakan sa kamay, doon ko siya natingnan sa mata, doon ko siya nadama sa aking puso. Iniwan ko man ang aking pamilya at barkada sa Maynila, kinupkop naman ako ng mga tao at hindi lang ako itinuring na titser kundi pati kapamilya't kaibigan. Sa totoo lang, kung sa simula ay akala ko napakarami kong isinakripisyo para mag-boluntir, masasabi ko ngayo'y mas higit naman ang ibinigay nito sa akin sa mga karanasang lubos na nagpayaman at nagpalalim ng aking buhay.

**N**